**SAMPOL,** sanggunian lamang ang pahinang ito

KAGAWARAN NG PAG-UNLAD SA TRABAHO
PO BOX 1234
SAMPOL NA LUNGSOD, CA 99999-9999

EDD Employment Development Department State of California

SAMPOL NA PANGALAN NG KLIYENTE
1234 SAMPOL NA KALYE
ANUMANG BAYAN, CA 99999-9999

**MGA NUMERO NG TELEPONO NG EDD**

| | |
|---|---|
| INGLES: | 1-800-300-5616 |
| ESPANYOL: | 1-800-326-8937 |
| CANTONESE: | 1-800-547-3506 |
| MANDARIN: | 1-866-303-0706 |
| VIETNAMESE: | 1-800-547-2058 |
| TTY (HINDI voice): | 1-800-815-9387 |
| INTERNET SITE NG EDD: | edd.ca.gov |

**Petsa ng Mail:** MM/DD/YYYY

# Paunawa ng Kondisyonal na Pagbabayad Habang Nakabinbin ang Pagrerepaso sa Pagiging Karapat-dapat

Naaangkop ang paunawang ito sa anumang potensyal na isyu sa pagiging karapat-dapat na nagmumula sa panahon ng iyong claim.

May natukoy kaming potensyal na isyu sa iyong claim na maaaring gawin kang hindi karapat-dapat para sa mga benepisyo. Dahil natanggap mo na ang mga benepisyo para sa claim sa pagkawala ng trabaho, pinoproseso namin ang iyong mga nakabinbing linggo para sa kondisyonal na pagbabayad habang pinagpapasyahan namin ang iyong patuloy na pagiging karapat-dapat. Kung patuloy kang magsesertipika para sa mga benepisyo habang pinagpapasyahan namin ang iyong pagiging karapat-dapat, ang anumang kondisyonal na kabayaran ay isasaalang-alang bilang labis na kabayaran kung sa kalaunan ay natagpuan naming hindi ka karapat-dapat sa mga benepisyong iyon.

Kailangan pa rin naming pagpasyahan ang iyong pagiging karapat-dapat sa nakabinbing isyu, na mauuwi sa isa sa mga resultang ito:

- Tatanggap ka ng kondisyonal na pagbabayad at pagkalaon ay matatagpuang karapat-dapat para sa mga benepisyong iyon.
- Tatanggap ka ng kondisyonal na pagbabayad at pagkalaon ay matatagpuang hindi karapat-dapat para sa mga benepisyong iyon. Kung diskuwalipikado ka, ipapadala namin sa iyo ang *Notice of Determination (Paunawa ng Pagpapasya)*, na maaari mong iapela. Maaaring kailanganin mo ring bayaran ang natanggap na kondisyonal na pagbabayad kung hindi ka kuwalipikad para sa waiver para sa labis na ibinayad.

Sa panahon ng pagrerepaso, maaaring hindi mo matanggap ang pagbabayad kung ikaw ay:

- Ganap na nagtatrabaho o nag-ulat ng labis na kita.
- Nagsisilbi sa dating parusa sa maling pahayag.
- May umiiral na diskuwalipikasyon.
- Dating nabayaran nang labis at inilapat ang iyong mga benepisyo sa labis na ibinayad.

Naaangkop ang paunawang ito kapag hindi kami makapagpasya sa loobb ng dalawang linggo ng kung kailangan namin natukoy ang isyu ng potensyal na pagiging hindi karapat-dapat.

**Ano ang Aasahan**

Habang pinagpapasyahan namin ang iyong pagiging karapat-dapat, patuloy na sertipikahan ang iyong mga benepisyo kung patuloy kang walang trabaho o nagtatrabaho na bawas ang oras. Ang pinakamabilis na paraan para mag-certify ay sa pamamagitan ng UI Online[SM] sa pamamagitan ng pagbisita portal.edd.ca.gov. Patuloy ka naming babayaran hangga't patuloy kang nagse-certify, maliban kung hindi ka karapat-dapat.

**Hindi ka dapat patuloy na mag-certify kung ganap kang nagtatrabaho o kung hindi ay naniniwalang hindi karapat-dapat para sa mga benepisyo**.

Makikipag-ugnayan kami sa iyo kung kailangan namin ng higit pang impormasyon upang mapagpasyahan ang iyong pagiging karapat-dapat. Mahalagang tumugon ka sa amin. Kung hindi ka tutugon gaya ng hiniling, kakailanganin pa rin naming gumawa ng desisyon batay sa impormasyong hawak namin. Kung walang impormasyon mula sa iyo, maaaring matagpuan ka naming hindi karapat-dapat para sa anumang kondisyonal na pagbabayad na natanggap mo. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga isyu sa pagiging karapat-dapat, bisitahin ang edd.ca.gov/en/claim-status.

**Pagkatapos Naming Mapagpasyahan ang Pagiging Karapat-dapat**

Upang maging karapat-dapat na tumanggap ng mga benepisyo, kailangan mong matugunan ang mga kailangan sa pagiging karapat-dapat para sa pagkawala ng trabaho sa bawat linggo.

Kung makukumpirma namin ang iyong pagiging karapat-dapat, wala kang kailangang gawin para sa mga binayarang linggo. Patuloy na mag-certify para sa mga benepisyo kada dalawang linggo kung nananatili kang walang trabaho o nagtrabaho sa mababang oras. Para sa pagtulong sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa sertipikasyon, bisitahin ang edd.ca.gov/en/Unemployment/Understanding_the_Continued_Claim_Certification_Questions.

Kung hindi mo natugunan ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat, ipapadala namin sa iyo ang *Notice of Determination (Paunawa ng Pagpapasya)* (DE 1080CZ), na maaari mong iapela. Maaaring kailanganin mo ring bayaran ang labis na ibinayad kung hindi ka kuwalipikad para sa waiver para sa labis na ibinayad. Ipapadala namin sa iyo ang *Notice of Potential Overpayment (Paunawa ng Potensyal na Pagbabayad nang Labis)* (DE 1447) at/o *Notice of Overpayment (Paunawa ng Pagbabayad Nang Labis)* (DE 1444). Magkakaroon ka ng karapatang iapela ang pagpapasyang ito at ang labis na pagbabayad at maisaalang-alang para sa waiver sa labis na pagbabayad. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang edd.ca.gov/en/claims/Benefit-Overpayments.